大阪府

# 第4弾! 大阪府子ども食費支援事業

## Gabay sa Pag-aplay para sa Programa ng Osaka Prefecture na Pagsuporta sa Gastos sa Pagkain ng Bata (4th round)

Ang pagtagal ng epekto ng pagtaas ng presyo ng bilihin, lalo na ang pagkain, ay pabigat sa budget ng sambahayan. Malaking parte ng budget ng sambahayang nag-aalaga ng bata ay napupunta sa pagkain. sambahayan. Dahil sa malakas na epektong ito, bibigyan ng bigas o iba pang pagkain ang lahat ng batang nakatira sa Osaka Prefecture.

◆ **Panahon ng aplikasyon: mula 9:00 ng Hunyo 2, 2025, Lunes, hanggang 23:59 ng Setyembre 1, 2025, Lunes**

* Kung mag-aaplay sa pamamagitan ng post, tatanggapin pa rin kung ang petsa na nakatatak sa stamp ay bago o araw ng Setyembre 1.

◆ **Deadline ng pagpili ng suporta at paggamit ng "Rice PAY" Osaka (rice coupon): Linggo, Nobyembre 30, 2025**

* Kung hindi pumili ng nais na suporta bago mag-deadline, ipagpapalagay naming binawi ninyo ang inyong aplikasyon.

### Mga uri ng suporta sa pagkain

**A. "Rice PAY Osaka (kupon ng bigas)"** o **B. Ibang pagkain (Pumili ng bigas o ibang pagkain mula sa homepage ng pagpili ng pagkain.)**

* Alinman sa dalawa ay nagkakahalaga ng 7,000 yen kasama ang buwis at pagpapadala.

* Ang kupon ay maaaring gamitin sa bigay na puti, brown rice o germinated rice. Hindi ito magagamit para sa lutong kanin o multigrain rice.

| | (1) Mga batang may edad 18 pababa | (2) Mga ina`ng buntis sa araw ng aplikasyon |
|---|---|---|
| **Sino ang karapat-dapat sa** | Ang mga ipinanganak mula Abril 2, 2007 | * Kailangan ang dokumentong nagpapatunay na buntis (hal., Handbook sa Kalusugan ng Ina at Anak) |
| **Ang puwedeng mag-aplay** | Guardians* ng bata<br>Ang "Guardian"ay ang taong may kustodiya ng bata, itinalagang tagapag-alaga ng bata, o kahit sino pang matanda na nag-aalaga sa bata. | Ang nagdadalang taong her-self dapat ang mag-aaplay |

### Proseso ng aplikasyon

1. Basahin muna ang mga nilalaman ng webpage sa ibaba bago mag apply (Magagamit hanggang Setyembre 1, 2025) https://osaka-kodomoshien.com
2. Susuriin ng Prepektura ng Osaka ang inyong aplikasyon. (Kung may kulang ang inyong aplikasyon, kokontakin kayo.)
3. Ang resulta ng pagsusuri ay ipapadala sa email address na ibinigay ninyo.
4. Ang mga pumasa sa aplikasyon ay aabisuhan kung paanong makakapag-aplay ng ibibigay na pagkain. Sundin lamang ang mga tagubilin. (Gawin bago mag-Nobyembre 30, 2025*). (*Hanggang sa deadline ng paggamit ng Rice Pay Osaka (rice coupon))
5. **[Ang mga pumili ng "A" mula sa web site ng pagpili ng pagkain]** Magpapadala ng email na naglalaman ng isang 20 digit na charge code.
   I-charge sa "Rice PAY Osaka (rice coupon)" gamit ang region PAY app at magamait ito sa mga tindahang tumatanggap nito.
   **[Ang mga pumili ng "B" mula sa web site ng pagpili ng pagkain]** Ipapadala ang inyong pinili.

### ID

**[Parehong kailangan ang ID ng tatanggap na bata at ng nag-aplay]**

Ang ID ay dapat inisyu ng isang pampublikong institusyon na naglalaman ng iyong pangalan, tirahan, at petsa ng kapanganakan.
hal. “My Number” card (harap lang), lisensya sa pagmamaneho, resident card, espesyal na permanent resident certificate, health insurance card, welfare recipient card, residence certificate (nakasulat ang ulo ng sambahayan at relasyon sa kaniya, at huwag ipalagay ang "My Number". Kailangan ito kung ang pinuno ng sambahayan ang tatanggap o ang siya ay walang kustodiya sa bata), atbp.

※Bukod sa ID, kailangan ng umampon na magulang ("sato oya") ng Foster Parent Certificate, at para sa mga buntis, ang handbook para sa kalusugan ng ina at anak.

### Mga dapat pag-ingatan sa aplikasyon

- Ang mga aplikasyon ay dapat isumite sa pamamagitan ng internet.*
- Para sa isang tatanggap, isang aplikasyon.
- Ang mga ipinanganak na bata ng nag-aplay bilang (2) Mga ina na nagdadalantao, ay hindi karapat-dapat makatanggap.
- Sa prinsipyo, ang suporta sa pagkain ay **ipapadala sa address ng karapat-dapat na tatanggap**.
- Kapag hindi nag-aplay ng gustong matanggap bago ang deadline, ipagpalagay namin na binabawi mo ang iyong aplikasyon.
- Matapos maaprubahan ang aplikasyon, kapag nalaman na hindi natugunan ang mga kondisyon sa pag-aplay, makakansela ito.

### Para sa mga katanungan tungkol sa programang ito:

**Call center para sa Programa ng Suporta sa Gastos ng Pagkain ng Pagkain ng Osaka Prefecture**

**TEL: 0120-479-208**

[Mga oras na bukas ] 9:00-18:00 (hindi available tuwing Linggo, o pistang opisyal
<Pagkatapos ng panahon ng aplikasyon, weekdays lang>
*Kung hindi ka makakapag-aplay online, tumawag sa call center.

Ginagamit ng programang ito ang Temporary Regional Revitalization Relief Benefit na Nakatuon sa Pagtaas ng Presyo.